

## Ano ang Qur'an?

Ang Qur'an ay ang huling aklat na ipinadala ng Panginoon ng lahat ng nilalang. Naniniwala ang mga Muslim sa lahat ng aklat na ipinadala bago ang Qur'an (mga kasulatan ni Abraham, ang Zabur, ang Torah, ang Ebanghelyo, at iba pa). Naniniwala ang mga Muslim na ang tunay na mensahe ng lahat ng aklat ay ang dalisay na monoteismo (paniniwala sa Diyos at pagsamba lamang sa Kanya). Gayunpaman, ang Qur'an, hindi tulad ng mga naunang banal na aklat, ay hindi limitado sa isang tiyak na grupo o sekta. Wala itong iba't ibang bersyon, at hindi ito nabago kailanman. Ito ay isang bersyon lamang para sa lahat ng Muslim. Ang teksto ng Qur'an ay nananatiling nasa orihinal nitong wika (Arabic), at walang pagbabago o pag-aalis, nananatiling buo hanggang sa kasalukuyan, at mananatiling ganoon, gaya ng ipinangako ng Panginoon na pangangalagaan ito. Ito ay hawak ng lahat ng mga Muslim at iniimbak sa mga puso ng marami sa kanila. Ang mga kasalukuyang salin ng Qur'an sa iba't ibang wika na ginagamit ng mga tao ay mga salin lamang ng mga kahulugan ng Qur'an. Hinamon ng Panginoon ng lahat ng nilalang ang mga Arabo at hindi-Arabo na gumawa ng isang katulad ng Qur'an, bagaman ang mga Arabo sa panahong iyon ay mga dalubhasa sa retorika, tula, at sining ng pagsasalita, ngunit napagtanto nila na ang Qur'an ay hindi maaaring manggaling sa sinuman kundi sa Diyos. Ang hamon na ito ay nananatili sa loob ng higit sa labing-apat na siglo, at wala pang nakagawa nito. Ito ang isa sa pinakamalaking patunay na ito ay mula sa Diyos.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://www.the-faith.com/qa/tl/show/47/>

Arabic Source: <https://www.the-faith.com/qa/ar/show/47/>

Saturday 23rd of May 2026 09:27:51 PM